Programa para sa Kalayaan sa Impormasyon

Ahensiya: Dangerous Drugs Board
Opisyal na tumatanggap ng FOI: Gng. Rebecca F. Arambulo
Posisyon: Tagapamahalang Opisyal
Tanggapan: Policy Studies, Research, and Statistics Division, Ika-3 Palapag, DDB-PDEA Building, National Government Center, NIA Road, Brgy. Pinyahan, Lungsod Quezon
Mga Numero ng Pakikipag-ugnayan: (02) 89291753
Email Address: rfarambulo@ddb.gov.ph

Isumite ang request para sa impormasyon kasama ang pangalan at mga detalye sa pakikipag-ugnayan. Ang request ay maaaring isumite sa pamamagitan ng email kalakip ang scanned na kopya ng aplikasyon para sa FOI at isang kopya ng government ID na may litrato.

Ang itinalagang FOI receiving officer ang siyang tatanggap ng request, magsusuri ng nilalaman, at magpapabatid sa FOI decision maker ukol sa nasabing request.

Susuriin ng FOI decision maker ang request at magbibigay-linaw dito kung kinakailangan. Titiyakin ng FOI decision maker na maibibigay ang hinihinging impormasyon sa itinalagang FOI receiving officer sa loob ng sampung (10) araw mula sa pagtanggap ng request.

Titiyakin ng FOI receiving officer ang impormasyon na maisumite sa humihiling na indibidwal sa loob ng labing-limang (15) araw na may pasok mula sa pagtanggap ng request.

Kung sakaling ma-deny o matanggihan ang request:

Maaaring maghain ng nakasulat na apela sa DDB Central Appeals and Review Committee sa loob ng labing-limang (15) araw mula sa abiso ng pagtanggi o mula sa pagkakalampas ng takdang panahon upang matugunan ang request.

Ito ay pagpapasiyahan ng DDB Chairman batay sa rekomendasyon ng Komite sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa paghahain ng apela. Kung sa loob ng tatlumpung (30) araw na itinakda at walang natanggap na desisyon, ito ay nangangahulugang denied ang apela.

Ang requesting party ay maaaring magsumite ng kaukulang hakbang o aksiyon na naayon sa batas o Rules of Court kung sa palagay niya ay karapat-dapat.